



TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2022-0030
Title	The Z Benefits for Premature <i>or</i> Small Newborns (<i>Revision 1</i>)

Tanong	Sagot						
1. Ano ang Premature Newborn?	Ito ang mga sanggol na ipinanganak na nagtitimbang sa pagitan ng 500 hanggang 2,499 gramo o ipinanganak ng kaniyang ina ng 24 hanggang sa kumulang 37 linggo na edad ng pagbubuntis.						
2. Ano ang dahilan bakit binuo ang benepisyong para sa mga premature o small newborns?	Ito ay binuo upang matugunan ang kalusugan ng mga ina na nasa delikadong pagbunbuntis, maaga o wala sa panahong panganganak. Ito ay para rin sa mga sanggol na kulang sa timbang at sa buwan upang mabigyan sila ng karampatang lunas at maisalba ang buhay ng ina at ng bata sa sinapupunan sa tiyak na pagkamatay.						
3. Sino-sino ang maaaring makagamit ng benepisyong sa ilalim ng Z Benefits for premature o small newborns?	<p>Ang benepisyong ito ay para sa lahat ng babaeng buntis na at-risk sa panganganak ng kulang sa buwan, at para sa mga sanggol na ipinanganak na wala pa sa panahon o maliit o kulang sa timbang.</p> <p>Kailangan na rehistrado sa PhilHealth ang benepisyaryo o nakadeklara bilang dependent ang sanggol sa kanyang magulang upang makagamit ng benepisyong ito. Sa ilalim ng batas ng Universal Health Care (UHC), ang bawat mamamayang Filipino ay dapat na awtomatikong kasapi sa PhilHealth.</p> <p>Kung hindi pa rehistrado, kailangan lamang magparehistro sa alinmang Local Health Insurance Office (LHIO) upang makagamit ng mga benepisyong at programang pangkalusugan sa ilalim ng PhilHealth.</p>						
4. Ano-ano ang mga serbisyong kasama sa ilalim ng Z Benefits Package para premature o small newborns at magkano?	<p>Nakapaloob at saklaw ng programang ito ang mga kinakailangang serbisyo at iba pang karagdagang serbisyo kung kinakailangan, na dapat maibigay sa ina o/at sa sanggol.</p> <p>Para sa mga babaeng buntis na at-risk sa panganganak ng kulang sa buwan:</p> <table border="1"><thead><tr><th>Z Code</th><th>Description</th><th>Kaukulang Bayad (Rate)</th></tr></thead><tbody><tr><td>Z016.1</td><td>Prevention of complications of preterm delivery, with severe preeclampsia/eclampsia</td><td>3,000</td></tr></tbody></table>	Z Code	Description	Kaukulang Bayad (Rate)	Z016.1	Prevention of complications of preterm delivery, with severe preeclampsia/eclampsia	3,000
Z Code	Description	Kaukulang Bayad (Rate)					
Z016.1	Prevention of complications of preterm delivery, with severe preeclampsia/eclampsia	3,000					





TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2022-0030
Title	The Z Benefits for Premature <i>or</i> Small Newborns (<i>Revision 1</i>)

Tanong	Sagot											
	Z016.2	Prevention of complications of preterm delivery, with preterm pre-labor rupture of membranes (pPROM)	1,500									
	Z016.3	Prevention of complications of preterm delivery with other high-risk conditions such as preterm labor, vaginal bleeding, multifetal pregnancy	600									
	Z016.4	With coordinated referral and transfer from a referring facility	4,000									
	<p>Para naman sa mga sanggol na ipinanganak ng kulang sa buwan o maliit o kulang sa timbang:</p> <table border="1" style="width: 100%; border-collapse: collapse; margin: 10px auto;"> <thead> <tr> <th style="width: 15%;">Z Code</th> <th style="width: 55%;">Description</th> <th style="width: 30%;">Kaukulang Bayad (Rate)</th> </tr> </thead> <tbody> <tr> <td style="text-align: center;">Z016.5</td> <td>Essential interventions for 24 weeks to < 32 weeks OR birth weight less than 1500 grams (down to a minimum of 24 weeks gestational age by Ballard examination)</td> <td style="text-align: center;">35, 000</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">Z016.6</td> <td>Essential interventions with minor ventilatory support and Kangaroo Care for 24 weeks to < 32 weeks OR birth weight less than 1500 grams (down to a minimum of 24 weeks gestational age by Ballard examination)</td> <td style="text-align: center;">85, 000</td> </tr> </tbody> </table>			Z Code	Description	Kaukulang Bayad (Rate)	Z016.5	Essential interventions for 24 weeks to < 32 weeks OR birth weight less than 1500 grams (down to a minimum of 24 weeks gestational age by Ballard examination)	35, 000	Z016.6	Essential interventions with minor ventilatory support and Kangaroo Care for 24 weeks to < 32 weeks OR birth weight less than 1500 grams (down to a minimum of 24 weeks gestational age by Ballard examination)	85, 000
	Z Code	Description	Kaukulang Bayad (Rate)									
	Z016.5	Essential interventions for 24 weeks to < 32 weeks OR birth weight less than 1500 grams (down to a minimum of 24 weeks gestational age by Ballard examination)	35, 000									
Z016.6	Essential interventions with minor ventilatory support and Kangaroo Care for 24 weeks to < 32 weeks OR birth weight less than 1500 grams (down to a minimum of 24 weeks gestational age by Ballard examination)	85, 000										





TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2022-0030
Title	The Z Benefits for Premature <i>or</i> Small Newborns (<i>Revision 1</i>)

Tanong	Sagot									
	<table border="1" style="width: 100%; border-collapse: collapse;"> <tr> <td style="width: 15%; text-align: center;">Z016.7</td> <td style="width: 55%;">Essential interventions with major ventilatory support and Kangaroo Care for 24 weeks to < 32 weeks OR birth weight less than 1500 grams (down to a minimum of 24 weeks gestational age by Ballard examination)</td> <td style="width: 15%; text-align: center;">135, 000</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">Z016.8</td> <td>Essential interventions for 32 weeks to < 37 weeks OR birth weight 1500 grams to less than 2500 grams</td> <td style="text-align: center;">24, 000</td> </tr> <tr> <td style="text-align: center;">Z016.9</td> <td>Essential interventions with mechanical ventilation and Kangaroo Care for 32 weeks to < 37 weeks OR birth weight 1500 grams to less than 2500 grams</td> <td style="text-align: center;">71, 000</td> </tr> </table>	Z016.7	Essential interventions with major ventilatory support and Kangaroo Care for 24 weeks to < 32 weeks OR birth weight less than 1500 grams (down to a minimum of 24 weeks gestational age by Ballard examination)	135, 000	Z016.8	Essential interventions for 32 weeks to < 37 weeks OR birth weight 1500 grams to less than 2500 grams	24, 000	Z016.9	Essential interventions with mechanical ventilation and Kangaroo Care for 32 weeks to < 37 weeks OR birth weight 1500 grams to less than 2500 grams	71, 000
Z016.7	Essential interventions with major ventilatory support and Kangaroo Care for 24 weeks to < 32 weeks OR birth weight less than 1500 grams (down to a minimum of 24 weeks gestational age by Ballard examination)	135, 000								
Z016.8	Essential interventions for 32 weeks to < 37 weeks OR birth weight 1500 grams to less than 2500 grams	24, 000								
Z016.9	Essential interventions with mechanical ventilation and Kangaroo Care for 32 weeks to < 37 weeks OR birth weight 1500 grams to less than 2500 grams	71, 000								
<p>5. Saan maaaring magpunta upang makagamit ng benepisyo para sa premature o small newborns package?</p>	<p>Maaari itong magamit sa lahat ng contracted health facilities sa ilalim ng Z Benefits para sa premature o small newborns. May nakatalagang Z Benefits Coordinator na maaaring puntahan ng pasyente kung nais niyang magtanong at gumamit ng benepisyong ito.</p> <p>Ang listahan ng mga contracted health facilities para sa premature o small newborns ay maaaring makita sa opisyal na PhilHealth website: www.philhealth.gov.ph o maaari ding kopyahin ang direktang URL na:</p> <p>https://philhealth.gov.ph/partners/providers/institutional/map/ at pindutin lamang ang Z Benefits Contracted Health Care</p>									





TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2022-0030
Title	The Z Benefits for Premature <i>or</i> Small Newborns (<i>Revision 1</i>)

Tanong	Sagot
	Institutions.
6. Paano kung ang sanggol na ipinanganak mula sa isang mababang pasilidad ay kinakailangang dalhin sa isang mas mataas na antas na pasilidad?	<p>May probisyon sa polisiyang ito na dapat makipag-ugnayan ang isang contracted health facility sa mga mababang antas na pasilidad kagaya ng mga lying-in clinics o maternity centers kung kinakailangang ilipat ang bagong panganak na sanggol sa mas mataas na pasilidad upang mabigyan ng karampatang atensyong medikal.</p> <p>Ito ay upang makagamit ng benepisyo ang isang miyembro. Babayaran ng PhilHealth ang contracted health facility samantalang sila naman ang magbabayad sa mga mababang pasilidad base sa kanilang nakapagkasunduan o Memorandum of Agreement (MOA).</p>
7. May babayaran pa ba ang isang miyembro kung siya ay gumamit ng benepisyo sa ilalim ng Z benefits para sa premature o small newborns?	<p>Ang Z Benefits ay sakop ng No Balance Billing Policy. Ibig sabihin ay walang dapat bayaran ang isang miyembro kung siya ay kabilang sa mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none">• Senior citizen• Lifetime member• Indigent• Sponsored• Kasambahay. <p>Ang benepisyong PhilHealth ay awtomatikong ibabawas sa bayarin ng pasyente sa ospital. Ngunit, kung ang isang pasyente ay ninais ng mga karagdagan serbisyo o amenities na hindi sakop ng benepisyong ito, magkakaroon ng karagdagang kabayaran matapos maibawas ang benepisyo ng PhilHealth. Ito ay dapat na maayos na naipaliwanag at napagkasunduan ng pasyente at ng kanyang doctor kasama ang Z Benefits coordinator bago magsimula ang pagbibigay ng serbisyo.</p> <p>Ang pagpirma ng pasyente o ng kinatawan niya sa Member Empowerment Form ay patunay na naipaliwanag ng maayos at naintindihan nito ang proseso ng Z Benefits.</p>






TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	2022-0030
Title	The Z Benefits for Premature <i>or</i> Small Newborns (<i>Revision 1</i>)

Tanong	Sagot
	Dagdag dito, anumang karagdagang bayarin ng pasyente ay hindi dapat lalampas sa itinakdang benepisyong sa Z Benefits ayon sa napagkasunduan ng ospital at PhilHealth Regional Office na nakatala sa bawat kontrata sa Z Benefit Package.
8. Ano-ano ang mga dokumentong kinakailangang ipasa upang mabayaran ng PhilHealth and claim ng hospital?	<p>Ang mga sumusunod ay ang mga dokumentong kailangang isumite para sa pag-claim ng contracted health facility sa PhilHealth:</p> <ul style="list-style-type: none">• PBEF print out or Claim Form 1• Properly accomplished Claim Form 2• Photocopy of the Checklist of Eligibility Criteria• Checklist of Mandatory and other services• Photocopy of accomplished Z Satisfaction Questionnaire• Checklist of Requirements for Reimbursement• Original or Certified True Copy (CTC) of the Statement of Account (SOA) <p>Ang iba pang mga dokumento na kinakailangan ay maaaring makita sa Annex E: Checklist of Requirements ng polisyang ito.</p>
9. Sino ang dapat magsumite ng claims sa PhilHealth Regional Office?	Ang contracted health facility para sa Z Benefits ng premature o small newborn ang dapat magsumite ng aplikasyon ng pasyente sa PhilHealth kasama ang mga kinakailangang dokumento. Direktang ibabayad ng PhilHealth ang halaga ng benepisyong ng Z Benefits sa contracted health facility na nagbigay ng serbisyo sa pasyente.
10. Paano naman ang mga sanggol na ipinanganak sa labas ng pasilidad?	Ang mga sanggol na kulang sa buwan na ipinanganak sa labas ng pasilidad o non-institutional deliveries at maging sa mga non-contracted health facility na inilipat sa isang contracted health facility ay maaaring makagamit ng benepisyong ito alinsunod sa polisiya ng Z Benefits para sa premature o small newborns.
11. Paano maging isang PhilHealth Contracted Health Facility para sa Z	Kung nais ng isang ospital na maging kabahagi ng Z Benefits, siya ay maaaring makipag-kontrata sa PhilHealth batay sa itinakdang panuntunan ng Korporasyon. Prayoridad na sumali ang lahat ng



	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2022-0030
	Title	The Z Benefits for Premature <i>or</i> Small Newborns (<i>Revision 1</i>)

Tanong	Sagot
Benefits?	<p>mga pambulikong pagamutan na may kakayahang maibigay ang lahat ng kinakailangang serbisyo na nakapaloob sa bawat Z Benefit Package.</p> <p>Gayunpaman, pinahihintulutan ng PhilHealth na sumali ang mga pribadong pagamutan sa mga lugar na walang pampublikong ospital o yung may kakayahang makapagbigay ng kinakailangang serbisyo lalo na sa mga lugar na kabilang sa Geographically Isolated and Disadvantage Areas (GIDAs). Kaakibat nito, nakasaad sa bawat kontrata ang napagkasunduang halaga na maaaring bayaran ng isang pasyente na hindi dapat lalagpas sa benepisyo ng Z Benefit package kung sakaling may karagdagang babayaran.</p> <p>Maaaring makipag-ugnayan ang pamunuan ng ospital sa PhilHealth Regional Office na nakakasakop sa kanilang pasilidad para sa mga kinakailangang dokumento at sa iba pang karagdagang impormasyon upang maging isang contracted healthcare provider.</p> <p>Reference: PhilHealth Circular 2022-0012.</p>